# Mga Karaniwang Katanungan (FAQs)

EQUITI COPY AT MGA ACCOUNT

## Ano ang Equiti Copy?

Ang Equiti Copy ay isang feature-rich na platform na nagbibigay-daan sa iyong makahanap ng iba pang mga trader at awtomatikong kopyahin ang kanilang aktibidad sa trading na nasa mahigit 2,000+ financial asset.
Maaari mong kopyahin ang iba at payagan ang iba na kopyahin ka, pero kailangan mong gumawa ng hiwalay na follower at provider account.

## Paano ako magbubukas ng provider o follower account?

Mag-log in sa iyong Client Portal para magbukas ng Equiti Copy account. Ang mga Equiti Copy account ay magagamit para sa mga Standard at Premium na kliyente. Pakitandaan na available lang ang copy trading sa mga swap-enabled na Equiti account.

Kung wala kang existing na Equiti account, magsimula sa pamamagitan ng pag-sign up at pagkatapos ay mag-apply para sa Equiti Copy account sa iyong Equiti Portal.




## Ano ang base currency ng aking Equity Copy account?

Ang base currency ng lahat ng Equity Copy account ay USD.

## Paano ako magsisimulang kumopya ng mga trade?

Para kumopya ng mga trade kailangan mong mag-subscribe sa mga provider, sa loob ng Equity Copy Platform. Kapag gumawa ng trade ang provider sa kanilang trading platform; lalabas ang isang trade sa naka-subscribe na follower account; sa loob ng mga parameter na pinili mo.

## Bilang provider, maaari ba akong mag-post ng kasaysayan mula sa ibang mga broker para makita ng aking mga follower?

Hindi, tanging aktibidad ng trading na ginawa sa Equiti ang maaaring ipakita sa iyong profile.

MGA TRADE

## Kailangan ko bang kopyahin ang lahat ng trade ng provider?

Kapag sinimulan mong sundan ang isang provider, maaari mong piliing kopyahin lahat ng kanilang kasalukuyang nakabukas na posisyon, o mga posisyon sa hinaharap lamang.

Para sa mga posisyon sa hinaharap, mayroon kang opsiyon na kopyahin lamang ang partikular na direksyon (mahaba/maikli) o mag-trade sa loob ng ilang partikular na threshold ng volume.

## Bubuksan ba ang aking mga trade sa presyong kagaya ng mga trade ng provider?

Ang iyong trade ay bubuksan sa kasalukuyang presyo ng merkado, ibig sabihin maaaring may pagkakaiba sa mga opening price.

## Ano ang autoscale copy ratio?

Ang autoscale copy ratio ay hinahayaan kang awtomatikong i-adjust ang laki ng mga kinopyang trade base sa iyong account equity. Ibig sabihin nito ay angkop ding inii-scale ang risk exposure ayon sa iyong posisyong pinansyal.

Ang mga trade follower ay maaari ring mamili ng ratio multiplier na inilalapat kapag kinakalkula ang laki ng trade.

Halimbawa ng autoscale copy ratio batay sa balanse ng account:
Balanse ng provider: 10,000 USD
Balanse ng follower: 1,000 USD
Ratio multiplier: 5
Trade ng provider: Bumili ng 1 lot ng EURUSD
Trade ng follower: Bumili ng 0.5 lot ng EURUSD

## Bakit hindi kinopya ng aking account ang trade na binuksan ng aking provider?

May ilang mga dahilan kung bakit hindi nakopya ang isang trade:

- Inactive ang status na 'Kopyahin ang mga bukas na posisyon'
- Hindi sapat ang available na balanse ng margin
- Nasa baba ng minimum na laki ng trade ng simbolo ang autoscaled position na laki ng trade
- Ang laki ng lot ay binuksan ng provider sa labas ng iyong minimum at maximum na threshold

## May pamamahala ng panganib ba na available sa Equiti Copy?

Oo, mayroong iba't ibang mga setting at tool ng pamamahala ng panganib na maaari mong ilapat. Kabilang dito ang minimum at maximum na bukas na lot, maximum na bukas na volume at max na mga threshold ng kabuuang kita at pagkalugi. Maaari mo ring i-set ang mga take profit at stop loss order para pamahalaan ang iyong panganib.

## Paano ko isasara ang aking mga copy trade?

Ang mga individual trade ay hindi maaaring isara sa platform ng Equiti Copy. Kakailanganin mong isuspinde o mag-unsubscribe sa isang provider sa Copy Platform, pagkatapos ay makapipili ka kung pananatilihin o isasara ang lahat ng posisyon.

Kapag pinanatili mo ang iyong mga posisyon, maaaring isara isa-isa ang mga trade sa ibang pagkakataon sa MetaTrader platform.

MGA FEE AT SUBSCRIPTION

## Mayroon bang maximum na bilang ng mga provider na maaari akong mag-subscribe?

Wala, maaari mong sundan ang maraming provider hangga't gusto mo.

## Paano ko ihihinto ang pagsunod sa isang provider?

Maaari kang magpasiya na huminto sa pagsunod sa isang provider anumang oras gamit ang mga sumusunod na opsiyon:

**Pagsususpinde:** Ihihinto ang lahat ng pangongopya sa hinaharap ngunit pinapanatili ang iyong mga bukas na posisyon. Maaaring isara ang mga trade sa MetaTrader platform nang manu-mano.

**Mag-unsubscribe:** Maaari mong piliing panatilihin o isara ang iyong mga natitirang trade.

## Ano ang mga fee na sinisingil ng provider?

Maaaring maningil ang mga provider ng mga performance fee (hanggang 40%) at management fee (hanggang $50 kada buwan). Ang mga performance fee ay sinisingil sa lingguhan o buwanang batayan. Ang mga buwanang management fee ay sinisingil kapag nag-subscribe.

## Paano kinakalkula ang performance fee?

Ang mga performance fee ay binabayaran base sa kalkulsayon ng kitang 'High-Water Mark', ibig sabihin ay mapapailalim lang ang isang mapagkakakitaang trading interval sa performance fee kung pinataas ng kita nito ang peak lifetime na kita ng subscription.

Ang kabuuang kita at pagkalugi ng follower are batay sa kasalukuyang floating profit level, hal. ang net na kita o pagkalugi ng lahat ng bukas or saradong posisyon ng trading na kinopya mula sa isang provider sa loob ng periodic settlement (lingguhan o buwanan).



## Ano ang mangyayari kapag nag-unsubscribe ako sa isang provider bago masingil ang performance fee?

Kapag ikaw ay ang-unsubscribe sa isang provider, sisingilin kaagad ang anumang natitirang fee.

## Maaari ko bang i-withdraw ang mga fund mula sa aking Equity Copy account kapag nagbukas ako ng mga subscription?

Hindi, dapat mo munang isara ang lahat ng mga subscription bago gumawa ng mga withdrawal mula sa itong Equity Copy account.